HUDYAT NG DAGAT

PARA SA PAGBABAGO

Produced by

Coastal Resource Management Project
5/F CIFC Towers, J. Luna cor. J.L. Briones Ave.
North Reclamation Area, Cebu City 6000 Philippines
Tels. (032) 232-1821 to 22, 412-0487 to 89, 412-0645
Fax: (032) 232-1825 Hotline: 1-800-1888-1823
E-mail: crmp@oneocean.org or crmhot@mozcom.com
Website: http://www.oneocean.org

This publication was made possible through support provided by the United States Agency for International Developmaent (USAID) under the terms and conditions of the Contract No. AID-492-C-00-96-00028-00. The opinions expressed herein are those of the authors and do not necessarily reflect the views of the USAID. This publication may be reproduced or quoted in other applications as long as proper reference is made to the source.

SA LAOT, SAKAY NG ISANG MALIIT NA BANGKA SINA CRISPIN AT ANG KANYANG AMANG SI MANG CRESPO. PAGOD AT MUKHANG BALISA.
MAG-UUMAGA NA, WALA PA TAYONG HULI.
'TAY BA'T HO HINDI TAYO GUMAMIT NG DINAMITA O DI KAYA LASON? TIYAK KAHIT PAPANO, MAY MAIUUWI TAYONG ISDA.
TUMAHIMIK KA, CRISPIN! HINDI MO NAIINTINDIHAN ANG SINASABI MO!
PERO 'TAY, HALOS LAHAT NG MGA KAPITBAHAY NATIN, GUMAGAMIT NG PAPUTOK. YUNG MGA NAKATIRA DYAN SA ITAAS, GUMAGAMIT NG LASON, AT MAY NAKUKUHA DIN SILA!
HINDI NAGIGING TAMA ANG MALING ASAL DAHIL GINAGAWA ITO NG KARAMIHAN. TANDAAN MO YAN, CRISPIN!

OY CRISPIN! MUKHA KA ATANG NAMATAYAN?
MINALAS NA NAMAN KAMI KAGABI, WALANG NAHULING ISDA.
NAPAKATIGAS KASI NG ULO NG TATAY MO. MAY MADALI NAMANG PARAAN NG PAGHULI NG ISDA, INAAYAWAN PA.
ILEGAL KASI.
AY NAKU. WALA NAMANG NANGHUHULI, ANO BA NAMAN ANG KINAKATAKUTAN NYO? ETO, MAY ISA PA AKONG DINAMITA, BAKA GUSTO MONG SUBUKAN.

WRRRRR!
K-KA-SPLOOSH!
TAY! NAY! TIGNAN NYO MAY PANG-ULAM NA TAYO.
ABA, ANAK! SAAN MO NAKUHA YAN?
IBINIGAY HO NI ELMO...

GINAMITAN ITO NG PAPUTOK A. TANGGAL ANG MGA KALISKIS, WARAK ANG SIKMURA. ITAPON MO YAN CRISPIN!
PERO ITAY
TAMA NA CRISPIN! ALAM MO KUNG ANO ANG PANININDIGAN KO SA BAGAY NA YAN.

NAY, GALIT HO BA SI ITAY SA AKIN? GUSTO KO LANG NAMANG MAKATULONG.
ALAM KO, ANAK PERO UNAWAIN MO SANA ANG TATAY MO.
PASENSYA NA KAYO INAY PERO HINDI KO TALAGA MAINTINDIHAN SI ITAY
HINDI SA GANUN, IHO MAKINIG KA... HALOS DALAWAMPUNG TAON NA ANG NAKAKARAAN. MADALI ANG PERA NOON. ISANG GABI, BENTE HANGGANG TRENTA KILO ANG HULING ISDA. APAT NA BESES SA ISANG LINGGO LANG PUMAPALAOT ANG TATAY MO.
PARANG MAS GUSTO PA NYANG MAGUTOM NA TAYONG TULUYAN...
KASAMA ANG IYONG TIO LITO.
TIO LITO?
AH, HINDI MO NA SIYA MAALALA. SA TANTYA KO, MGA ISA O DALAWANG TAON KA LANG NOON. SI LITO AY BUNSONG KAPATID NG TATAY MO, AT MALAPIT NA MALAPIT SA KANYA. SIYA KASI HALOS ANG NAGPALAKI DITO, MATAPOS MAULILA SILA SA AMA AT INA.
MINSAN, PUMALAOT SILA. KALIMITAN, APAT NA ORAS SILA SA LAOT
PERO SA PAGKAKATAONG YON... WALA PANG DALAWANG ORAS, NAKITA KONG BUMALIK ANG TATAY MO...
AT SI LITO... DUGUAN, WASAK ANG MUKHA...
PATAY.

ANG TATAY MO, KATULAD NINA ELMO, MINSA'Y GUMAMIT NG DINAMITA.
KAYA PALA GANUN NA LANG ANG GALIT NYA... SANA IPINALIWANAG NIYA ITO SA AKIN.
MASAKIT PARA SA TATAY MO ANG SARIWAIN PA ANG TRAHEDYA. DAMDAM NYA, KASALANAN NYA ITO.
BAKIT PO? ANO ANG NANGYARI?


SI ELMO! HINULI NG PULIS!
HUH? BAKIT PO?
NAGPAPUTOK DAW SA DAGAT NG KABILANG MUNISIPYO.
NAKU! ANO BA NAMAN ANG NAISIP NG TAONG YON AT DOON PA NAGPAPUTOK. ALAM NAMAN NYANG MAHIGPIT ANG BANTAY DAGAT DOON
MAHINA NA RIN KASI ANG HULI DITO SA ATIN. KAHIT ILANG KILONG PAPUTOK PA ANG PASABUGIN, MANGILAN-NGILAN NA LANG ANG ISDANG NAHUHULI.
PERO SABI HO NILA SA KABILANG MUNISIPYO, MARAMI PA DAW ISDA...
YON ANG SABI.
E BAKIT NGA BA NAMAN HINDI DADAMI ANG ISDA DOON? BALITA KO BAWAL ANG MANGISDA DOON!
BAWAL? HINDI NAMAN ATA PWEDE YAN? SAAN KUKUHA NG MAKAKAIN ANG MGA TAO DUN?
SUS! SA DAMI NG IPINAGBABAWAL DOON, PALAGAY KO, MAMAMATAY SILA SA GUTOM!

CRISPIN, PAGPASENSYAHAN MO SANA AT NASIGAWAN KITA NOONG NAKARAANG ARAW.
NAUUNAWAN KO PO, TAY. NAIPALIWANAG NA NI INAY. PAGPASENSYAHAN NYO RIN PO AT SINUWAY KO ANG PAYO NYO. HINDI KO HO ALAM ANG NANGYARI KAY TIO LITO.
ANG NANGYARI SA IYONG TIYUHIN AY ISA LAMANG SA MGA DAHILAN KUNG BAKIT INIWASAN KO ANG PAGGAMIT NG DINAMITA.
SA TAGAL NG PANAHON NA GUMAMIT AKO NG DINAMITA, NAWARI KONG PANSAMANTALA LANG ANG DULOT SA ATIN NG PAGDIDINAMITA O PAGGAMIT NG LASON.
PANSAMANTALA LANG PO 'TAY?
HINDI MO BA NAPAPANSING KAHIT ANG MGA KAPITBAHAY NATING NAGDIDINAMITA O GUMAGAMIT NG LASON AY PAUNTI NA RIN ANG HULI?
DAHIL SA HIRAP NG HULI, GUMAMIT SILA NG DINAMITA AT LASON. PERO ANG HINDI NILA ALAM... MAS MALAKING PINSALA ANG NAGAGAWA NITO NGAYON AT SA KINABUKASAN NATING LAHAT
KAYA HALOS LAHAT NG ATING BAHURA AY WASAK NA!
KA BLOOB!
DATI-RATI, MALAGO AT MAKAPAL ANG MGA BAHURA AT ANG PANGINGISDA AY MALAPIT LANG, 'DI KA NA LALAYO PA SA LAOT. NGAYON PALAYO NG PALAYO PARA MAKAHULI.


AYUN.. NANG DAHIL SA DINAMITA AT LASON WASAK ANG MGA BAHURA, AT WALA NA RING ISDA!
PERO, PAG DI TAYO NAGDINAMITA AT LASON, WALA TAYONG HULI KAHIT KONTING ISDA. TINGNAN NYO PO TAYO, WALANG KAHULI-HULI!
AH CRISPIN. MADALING SABIHIN YAN. KAPIT SA PATALIM, SABI NGA NG IBA. PERO, HANGGANG DITO NA LANG BA TAYO, WALANG PAG-ASANG UMUNLAD? KUNG HINDI MAGBABAGO ANG PANANAW NATIN, WALANG MANGYAYARI SA ATIN.
LALO LANG TAYONG MAMUMULUBI AT MAGDIDILDIL SA ASIN, SAMPU NG ATING MGA KAANAK, NG ATING MGA ANAK AT MGA ANAK PA NILA. NAKITA MO NAMAN, PALALA NG PALALA ANG SITWASYON NG BUONG SAMBAYANAN NATIN. PAHIRAP NANG PAHIRAP ANG BUHAY.
MAY ITATANONG PO PALA AKO SA INYO... NAKITA KO PO KAYONG KAUSAP ANG BANTAY DAGAT NG KABILANG MUNISIPYO... ISINUMBONG NYO PO BA SI ELMO?
MAY DADALUHAN AKONG PULONG SA LUNES. SUMAMA KA SA AKIN.

LUNES, SA ISANG PAGPUPULONG. DUMALO SI CRISPIN AT ANG KANYANG TATAY.
BAGO ANG LAHAT, BATIIN NATIN ANG ATING MGA MASIGASIG NA BANTAY DAGAT. DAHIL SA KANILA, HINDI NAG TAGUMPAY ANG ISANG DINAMITERO!
BANTAY DAGAT
PALAKPAKAN NATIN SILA...
MAY TATLO TAYONG BAGONG KASAMA NA GUSTONG TUMULONG SA PAGPAPATUPAD NG BATAS NG ATING MARINE SANCTUARY. KUNG MAARI, PAG-USAPAN NYO SA LAW ENFORCEMENT COMMITTEE KUNG ANO PA ANG MGA TUNGKULIN AT SCHEDULE NILA.
UNA NATING TALAKAYIN ANG PAGBANTAY SA ATING MARINE SANCTUARY.
TAY, ANO PO ANG MARINE SANCTUARY?
MAMAYA, IPAPAKILALA KITA KAY TATANG LEONARDO. SIYA ANG MAGPAPALIWANAG SA'YO.

NANG NATAPOS ANG PAG PUPULONG...
O IHO, MAY TANONG KA DAW?
AH, OPO TATANG. NARINIG KO PO KANINA NA IPINAGBABAWAL DITO SA BAYAN NYO ANG PANGINGISDA. PANO KAYO NABUBUHAY?

HINDI BAWAL ANG MANGISDA DITO, IHO, PWERA NA LANG KUNG ILLEGAL NA PARAAN ANG GAGAMITIN MO...
PERO SABI NILA...


AH, SIGURO ANG TINUTUKOY NILA AY ANG MARINE SANCTUARY...


ISANG PARAAN ITO PARA MAIBALIK ANG SIGLA NG ATING KARAGATAN.
HUH!?
AH, MAS MABUTI PA, MAGSIMULA TAYO SA UNA.
NOON, SADYANG MARAMI ANG NAHUHULI NAMING ISDA DITO.
SA KATUNAYAN, KILALA ANG BAYAN NAMIN BILANG PALAISDAAN NG BUONG PROBINSYA.
DINADAYO KAMI KAHIT NG PINAKAMALAKING BARKO, NAGMUMULA PA SA IBANG PROBINSYA. ISIP NAMIN, HINDI NAMAN MAUUBOS ANG ISDA, DAHIL NAPAKALAWAK NG KARAGATAN NAMIN.
PERO DAHAN-DAHAN, UMUUNTI ANG HULI NAMIN. SABI NILA, PANA-PANAHON LANG YAN; BABALIK DIN ANG ISDA.

GUMAMIT KAMI NG DINAMITA
NG LASON
AT ANO-ANO PANG PAMAMARAAN NG PANGINGISDA, PARA DUMAMI LANG ANG HULI NAMIN. UNAHAN LANG AT BAKA MAKUHA PA NG MGA DAYONG MANGINGISDA, TUMAAS ANG HULI NAMIN, NGUNIT NANG MAGLAON, MULING UMUNTI NANG UMUNTI.
SA KABUTIHANG-PALAD, MAY ISANG GURO — DITO SA AMING BARANGAY MISMO— ANG PILIT NA NAGMULAT SA AMING MGA MATA.
IPINAKITA NIYA SA AMIN KUNG PAPAANO NAMIN SINISIRA ANG KABAN NA PINAGMUMULAN NG AMING IKINABUBUHAY. IPINALIWANAG NIYA SA AMIN KUNG GAANO KAHALAGA ANG ATING MGA BAHURA, MGA BAKAWAN, KAHIT ANG LUSAY, NA SA UNA'Y AKALA NAMIN AY DAMO LANG AT WALANG HALAGA.

MARAMI SA AMIN ANG HINDI NANIWALA KAAGAD.

PERO, DALA NA RIN NG AMING PANGANGAILANGAN, NAISIP NAMIN, WALA NA RIN KAMING MAKUHA SA DAGAT, WALA NAMAN SIGURONG MAWAWALA SA AMIN KUNG SUSUBUKAN NAMIN ANG IMINUMUNGKAHI NI MAESTRO. (MAESTRO ANG TAWAG NAMIN SA KANYA).

ITO ANG SABI SA AMIN NI MAESTRO, NABASA DAW NYA SA LIBRO: KAILANGAN MAGTALAGA KAMI NG LUGAR SA DAGAT NA MAGIGING SANTWARYO NG MGA ISDA.

ANG MARINE SANCTUARY AY ISANG PINILING LUGAR SA DAGAT KUNG SAAN IPINAG BABAWAL ANG PAGKUHA O PAGGAMIT NG LIKAS YAMAN, LALO NA ANG PAGPANGISDA. ITINATAG ANG MGA ITO UPANG MABIGYAN ANG MGA ISDA AT IBA PANG YAMAN-DAGAT NG LIGTAS NA LUGAR AT PAGKAKATAONG LUMAKI AT MAGPARAMI NG KANILANG URI.

DAHIL IPINAGBAWAL ANG PANGINGISDA SA LOOB NG MARINE SANCTUARY, NAPIPIGIL ANG MABILIS NA PAGKAUBOS NG MGA ISDA AT BUMABALIK DIN ANG KALUSUGAN NG KANILANG MGA TIRAHAN KATULAD NG MGA BAHURA.



SA UNA IILAN LANG KAMI, AKO, AT TATLONG KUMPARE. PARA SA AKIN, EKSPERIMENTO LANG, ISANG TAON, KAPAG WALANG NANGYARI, BALIK SA DATING GAWI.

PERO, NAGULAT AKO, MAKARAAN ANG ILANG BUWAN, DUMAMI ANG ISDA SA SANTWARYO,
MATAPOS ANG ISANG TAON, PATI SA LABAS NG SANTWARYO, DAHAN-DAHANG BUMALIK ANG MGA ISDA.

PATI KAMI DIN, UNTI UNTING DUMADAMI, MULA SA APAT, NAGING SAMPU KAMING NAGBABANTAY SA SANTWARYO,
NAGING BENTE, AT NGAYON BUONG BAYAN NA, KASAMA PA ANG LOKAL NA PAMAHALAAN.


PAGBALIK NINA CRISPIN AT MANG CRESPO SA KANILANG BAYAN...
GUSTO KO SANANG IBAHAGI SA ATING MGA KAPITBAHAY ANG NATUTUHAN NATIN KINA TATANG LEONARDO.
MAGANDANG IDEYA YAN, IHO. BAKIT HINDI MO GAWIN?

SINO NAMANG MANINIWALA SA AKIN? SASABIHIN NILA, MAS MALAWAK ANG KARANASAN NILA SA DAGAT KAYSA SA AKIN.
SANA NAMAN MAKINIG SILA.
SANA PO. ITAY. SANA PO...
TUTULONG AKO, ANAK, KAHIT PAPAANO, PAKIKINGGAN NILA AKO. MARAMI NA RIN KAMING PINAGSAMAHAN.
SA PALAGAY KO PANAHON NA. KATULAD NINA TATANG LEONARDO. WALA NA TAYONG IBA PANG MAGAGAWA, ISANG MALAKING PANGANGAILANGAN ITO, ANG MATUTO TAYONG MANGALAGA SA ATING KARAGATAN, PARA SA ATING SARILING KAPAKANAN.
WAKAS

Ang Santwaryong-Dagat
(Marine Sanctuary)
Paraan ng pagpanumbalik-sigla sa ating karagatan

Ang santwaryong-dagat o *marine sanctuary* ay isang lugar sa dagat kung saan ipinagbawal ang pangingisda o paggamit ng likas yaman sa dagat. Itinatatag ang mga ito upang mabigyan ang mga isda at iba pang yamang-dagat ng ligtas na lugar at ng sapat na panahon para dumami at umaabot sa tamang laki upang makapangitlog o magsanay ng kanilang uri.

Mahalaga sa ikatatagumpay ng santwaryong-dagat ang direktang pangangasiwa nito ng lokal na pamahalaan at ng samahang komunidad na magkakasama at magtutulungan sa pagplano, pagdesisyon at pagpatupad ng mga batas ng santwaryong-dagat.

Mga benepisyong makuha sa santwaryong-dagat:

- Napipigil ang mabilis na pagka-ubos ng mga isda at nabibigyan ng pagkakataon ang mga yamang dagat na magparami nang may laya.
- Napoproteksyunan ang mga tirahan ng mga isda at iba pang likas yaman ng dagat katulad ng bahura o *coral reef* at mga damong dagat o *seagrass beds*.
- Makakatulong sa pagpabuti ng huli at kita ng mga mangingisda dahil napapanatiling malago at produktibo ang yamang dagat sa loob at labas ng santwaryo.

Mga kailangang gawin para maabot ang likas-kayang pangangasiwa ng santwaryo:

- Pagpapalakas ng mga organisasyon o *community strengthening*
- Patuloy na edukasyon at pagsasanay ng pamayanan ukol sa pangangalaga at pagbibigay proteksyon sa santwaryong-dagat
- Pagbigay ng suporta mula sa sistemang pampulitika o *local leadership*
- Pagbigay ng *regular operating budget* sa pangangasiwa ng santwaryo
- Pagpapatupad ng mga batas ng santwaryong-dagat

DISPERSAL OF FISH AND LARVAE FROM A MARINE SANCTUARY



Kritikal na ang lagay ng ating mga bahura at yamang-dagat, at napapanahon nang ibalik natin ito sa ayos. Ang pagpapatayo ng santuwaryong-dagat ay napatunayan nang isang mabisang estratehiya sa pagpanumbalik ng kaayusan at kalusugan ng ating karagatan.